

“LIMANG BAGAY O TAO NA PINAPAHALAGAHAN KO SA BUHAY”

by:
Reysie S. Inieto

Kalusugan ng aking sarili Ang unang pinaka importante at mahalaga sa akin ay ang kalusugan ng aking sarili dahil kinakailangan kong alagaan ang aking sarili dahil ito ang magdedesisyon ng aking buhay. Dahil kung hindi maayos at malusog ang aking sarili o ang aking katawan maraming bagay ang pwedeng mangyari at ayokong dumating ang panahon na mahirapan ako, kaya hangga't maaari sinisikap ko na maging malusog at hindi dapuaan ng sakit dahil sarili ko lang ang meron ako, ito lang ang isang bagay na hindi ako iiwan at tatalikuran. Pamilya Ang ikalawang pinaka importante at mahalaga sa akin ay ang pamilya ko, dahil sila ang naging katuwang ko simula ng ako ay ipinanganak hanggang sa kasalukuyan. Sa aking pamilya ko rin nararamdaman ang tunay na, suporta, pagmamahal at proteksyon na kanilang ibinibigay sa akin. Pinapahalagahan ko rin sila at inaalagaan upang makasama ko pa sila ng matagal, gaya nga ng sabi sa napanood kong palabas "to be a good parent, they should stay healthy for a long time, they shouldn't endure pain to save money for their children" dahil ang laging iniisip ng ating pamilya o magulang ay tayong kanilang anak kaya nakakalimutan na nilang alagaan ang kanilang sarili. Kaya bilang anak, responsibilidad ko man o hindi, aalagaan ko sila at papahalagahan. Pera Ang ikatlong pinaka importante at mahalaga sa akin ay ang pera, maging praktikal na tayo ngayon dahil totoo naman na kaya tayo nag-aaral ay para yumaman at magkaroon ng magandang buhay. Mahalaga ang pera sa akin dahil dito nagpupursigi akong pagpaguran at paghirapan ang isang bagay para mabili at makuha ko ito. Dahil sa panahon ngayon pag wala kang pera kawawa ka, kaya pinapahalagahan ko ang pera upang mabuhay ako, dahil ito ang pangunahing pinagkukunan ko at ng pamilya ko ng mga pangangailangan namin kaya nabubuhay

kami. Kaibigan Ang ika-apat na importante at mahalaga sa akin ang aking mga kaibigan dahil hindi nila ako iniwan nung mga oras na sobrang kailangan ko ng tao sa tabi ko. Pinapahalagahan ko sila dahil alam kong pinapahalagahan din nila ako, kahit na kakaunti lang ang aking mga kaibigan basta ang mahalaga sila ay totoo. Sila yung mga taong nakilala ko sa hindi inaasahang pagkakataon na hindi ko inaakalang mananatili at tatanggapin ako bilang ako. Tinatama rin nila ang mga pagkakamali ko, parehas naming sinusuportahan at pinoprotektahan ang isa't-isa. Sila yung mga taong hindi ko kamag-anak o kaano-ano pero alam ko sila rin yung mga taong hindi ako paplastikin at iiwan. Mga pangarap at gusto sa buhay Ang ika-limang importante at mahalaga sa akin ay ang mga pangarap at gusto ko sa buhay, dahil sa mga ito nagpupursigi akong mag-aral at makatapos upang magkaroon ng magandang buhay. Ito rin ang mga nagpapasaya sa akin, halimbawa na lamang ng pag-idolo ko ng mga sikat na tao, sila yung mga taong kahit di nila ako kilala napapasaya nila ako. Kapag hindi ko gusto makipag-usap sa mga taong kilala ko at hindi okay ang pakiramdam ko, papanoorin ko lang sila o bibili lang ako ng mga merchandise nila okay na ako, masaya na ako. Kaya pinapahalagahan ko sila kase sa kanila ko nararanasan yung saya na hindi naibibigay ng kahit sino o anong bagay, sa kanila ko lang mahahanap. Kaya kahit ayoko nang mag-aral, sinisikap ko pa rin dahil marami akong pangarap at gusto sa buhay.

Mahalaga ang kalikasan para sa gamit nito sa ating pagtataguyod ng kaligtasan ng ating buhay-biyolohikal bilang tao dahil unang-una nabubuhay ang kalikasan dahil sa tao at namamatay naman ang kalikasan dahil pinapatay ito ng mga tao. Mahalaga ang kalikasan dahil ito ang pangunahing pinagkukunan ng mga pangkabuhayan at mga pangangailangan ng mga tao, kaya kung iisipin mahalaga lang sa tao ang kalikasan kase kailangan ito ng mga tao, hindi nila nakikita ang tunay na halaga nito. Kaya kung titignan unti-unti na ring nasisira ang ating kalikasan dahil sa mga hindi magagandang gawain na ginagawa ng tao. At ang mga ganitong gawain ay dapat lamang na mapatigil dahil dapat parehas lamang na nakikinabang ang tao sa kalikasan at dapat ding makinabang

ang kalikasan sa tao, nararapat lamang na pahalagahan at mahalín ng tao ang kalikasan dahil kawawa tayo at tayo rin ang magsisísi kapag ito ay nawala.

References:

Mark Joseph T. Calano, PhD, Marc Oliver D. Pasco, PhD Cand., Marie Chris B. Ramoya, PhD Cand Cand. 2017. Pamimilosopiya sa Pagpapakatao. Quezon City: Sibspublishing House, Inc., p.69-89.